

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka       
20

## Pagtukoy ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

*Panuto:* Isang liham ang ipinakikita sa ibaba. Salungguhitan ang panghalip na panao na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga panghalip na panao sa loob ng panaklong.

---

Mahal <sup>1</sup>(niyang, kong, kitang) Emily,

Kumusta <sup>2</sup>(ka, siya, ikaw) na? Pasensya na at ngayon lang <sup>3</sup>(ikaw, tayo, ako) nakasagot sa sulat mo. Malapit na kasi ang pagsusulit sa paaralan kaya abala <sup>4</sup>(siya, kayo, ako) sa pag-aaral. Ang paborito <sup>5</sup>(mong, niyang, kong) asignatura ay *Science*. Dahil hindi <sup>4</sup>(ako, ikaw, ka) masyadong magaling sa *Math*, tinuturuan ako ni Kuya Mio.

Sana magustuhan mo ang larawan na pinadala <sup>6</sup>(ko, mo, niya) kasama ng liham na ito. Ang buong pamilya <sup>7</sup>(mo, ko, niya) ay pumunta sa isang *resort* sa Laguna. Pati si Lolo Manuel sumama sa <sup>8</sup>(kanila, kayo, amin). Nahalata mo ba sa larawan na tumangkad na si Kuya Mio? Nahilig nga <sup>9</sup>(sila, siya, ka) sa paglalaro ng basketbol. Badminton naman ang bagong hilig ko ngayon.

Naalala mo ba ang pinsan ko na si Maya? Magkaklase na <sup>10</sup>(ako, siya, kami) ngayon. Bagong lipat dito ang pamilya <sup>11</sup>(niya, namin, mo) at natutuwa siya dahil nagkita kami. Galing sa lalawigan ng Quezon ang pamilya ni Maya kaya marunong <sup>12</sup>(ako, siya, tayo) mag-Tagalog. May ate at kuya si Maya. Mabait <sup>13</sup>(sila, kayo, kami) sa akin.

Kumusta naman ang pamilya mo? Masaya ba <sup>14</sup>(kayo, kami, ko) sa bagong tirahan ninyo? Sana makabisita <sup>15</sup>(ka, siya, ako) sa inyo balang araw. Pangarap ko na magkita <sup>16</sup>(tayo, siya, ikaw) muli. Nalungkot ako sa pag-alis mo dahil <sup>17</sup>(siya, ikaw, sila) ang unang matalik kong kaibigan. Sigurado ako na <sup>18</sup>(kami, tayo, ako) ay mananatiling magkaibigan.

Hihintayin ko ang tawag mo sa Sabado dahil marami pa <sup>19</sup>(akong, ikaw, siyang) ikukuwento sa iyo. Sabik na akong marinig muli ang boses <sup>20</sup>(ko, mo, niya).

Nagmamahal,

Myra